DepEd Advisory No. 286, s. 2016
October 4, 2016
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, 2013
this Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

IKA-45 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng *Ika-45 Pambansang Seminar-Gawaing Kapulungan sa Filipino* na may temang *PASATAF: Lakas ng Filipino sa Edukasyong Pangwika Para sa Higit na Pagpapaunlad ng K to 12 Kurikulum* mula ika-19 hanggang ika-22 ng Abril 2017 na gaganapin sa Baguio Teachers Camp, Lungsod Baguio.

Ang layunin ng Seminar ay ang mga sumusunod:

1. mapalakas ang mga kaalamang pangwika sa antas ng elementarya, sekundarya (*Junior* at *Senior High School*) at tersarya;
2. magamit sa aktuwal na pagtuturo ng mga napapanahong estratehiya sa K-12 tungo sa may kalidad na edukasyon; at
3. maitaas ang sigasig/hikayat sa pagtuturo sa pamamagitan ng integrasyon ng *media literacy*.

Ang inaasahang dadalo ay ang mga kapisanang pangwika at edukasyon, mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, pambansang pamunuan at lupon ng mga direktor, at mga dating kasapi sa PASATAF, mga kinatawan ng tanggapang sentral ng Kagawaran ng Edukasyon *(Department of Education)* at ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (*Commission on Higher Education*), panrehiyon at pansangay na mga tagamasid sa Filipino, mga superbisor, punungguro, mga guro sa elementarya, sekundarya, at tersarya sa mga unibersidad/kolehiyo na pang-estado at pribado na nagtuturo sa Filipino at mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, at sinumang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar at dalubwika.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DO 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan alin man sa mga sumusunod:

- Elpidia B. Bergado Ed.D.
  Pangulo, Pambansang Samahan ng mga Tagamasid
  at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF)
  Room 35, Unit 3585, MRB Building
  Commonwealth Avenue, Quezon City
  Mobile Phone: 0917-724-4176; 0910-344-7748

- Viola S. Esperagoza
  Kalihim, PASATAF
  Mobile Phone: 0922-207-4102

Nette/PASATAF
0557– Sep 24/28, 2016